Lungsod ng Yatomi - Iskedyul ng Pagkolekta ng Karaniwang Basura mula sa Tahanan

Kabuuang Mapa ng Pook ng Pagkolekta ng Karaniwang Basura mula sa Tahanan

Pangalan ng distrito	Nasusunog na Basura	Plastik na Basura	Di-nasusunog na Basura (liban sa basyong lata/ basyong bote)	Malaking Basura	Narerecycle			
					Basyong lata	Fluorescent tube	Basyong bote	Mga papel / tela
Distrito A	Lunes Huwebes	Biyernes	Ika-3 Miyerkules	Ika-1 Miyerkules	Ika-2 Martes	Ika-2 Martes	Ika-3 Martes	Ika-4 Martes
Distrito B	Martes Biyernes	Huwebes	Ika-2 Miyerkules	Ika-4 Miyerkules	Ika-2 Miyerkules	Ika-2 Miyerkules	Ika-3 Miyerkules	Ika-4 Miyerkules
Distrito C	Martes Biyernes	Lunes	Ika-4 Miyerkules	Ika-2 Miyerkules	Ika-2 Lunes	Ika-2 Lunes	Ika-3 Lunes	Ika-4 Lunes
Distrito D	Lunes Huwebes	Biyernes	Ika-3 Miyerkules	Ika-1 Miyerkules	Ika-2 Huwebes	Ika-2 Huwebes	Ika-3 Huwebes	Ika-4 Huwebes
Distrito E	Lunes Huwebes	Martes	Ika-1 Miyerkules	Ika-3 Miyerkules	Ika-2 Biyernes	Ika-2 Biyernes	Ika-3 Biyernes	Ika-4 Biyernes
Distrito F	Martes Biyernes	Lunes	Ika-2 Miyerkules	Ika-4 Miyerkules	Ika-2 Huwebes	Ika-2 Huwebes	Ika-3 Huwebes	Ika-4 Huwebes
Distrito G	Lunes Huwebes	Martes	Ika-2 Miyerkules	Ika-3 Miyerkules	Ika-3 Linggo	Ika-3 Linggo	Ika-3 Linggo	Ika-4 Lunes
Oras ng paghakot	Siguraduhing hindi lalampas ng **7:30 ng umaga ng takdang araw** Parehong tambakan ang 4 na uring nakasulat sa itaas.				Siguraduhing hindi lalampas ng **8:30 ng umaga ng takdang araw** *Magkaiba sa 4 na uring nakasulat sa kaliwa ang lugar para sa pagkolekta.			

Kapag masama ang panahon

Kung itapon ang supot ng basura atbp. kapag masama ang panahon, matatangay ito ng malakas na hangin, at hindi na kayang kolektahin o magiging kalagayang hindi malinis. Sa ganitong sitwasyon,mangyaring iwasan ang pagtatapon ng basura. Kung papalapit naman ang bagyo, maaaring pansamantalang tanggalin ang lalagyan para sa koleksyon ng mga PET bottle.



⚠ Mangyaring huwag itapon ang basurang kaugnay sa negosyo

- **Basurang kaugnay sa negosyo ang mga basurang mula sa restawran, tindahan, opisina, pabrika at iba pang kaakibat ng mga aktibidad ng negosyo, at hindi kinokolekta ng lungsod ang mga ito.**
- Tungkol sa pagpoproseso, mangyaring ipagkatiwala ito sa kumpanyang may pahintulot mula sa Lungsod ng Yatomi para sa pagkolekta at paglululan ng basura. Maaari ring sarili ninyong dalhin sa Hachiho Clean Center matapos ng antimanong pag-apply. (liban sa basurang pang-industriya)

Tungkol sa sariling pagdadala ng karaniwang basurang kaugnay sa negosyo

Tungkol sa kumpanyang makakapagproseso ng basurang pang-industriya

Environment Division, Yatomi City Hall 335 Minami Honden, Maegasu-cho, Yatomi-shi, Aichi-ken 〒498-8501
TEL:0567-65-1111(ext. 232, 233) FAX:0567-67-4011 Email:kankyo@city.yatomi.lg.jp

Ipagbukod-bukod ayon sa uri ng basura, ilagay sa supot para sa basurang itinalaga ng Lungsod ng Yatomi at itapon ang basurang nagmula sa tahanan. Para naman sa malaking basura, dikitan ito ng tiket ng paglilinis para sa malaking basura, at itapon.

Hindi kokolektahin ang basurang itinapon gamit ang supot para sa basurang hindi itinalaga ng Lungsod ng Yatomi, at supot para sa basurang hindi wasto ang pagbubukod ng basura.

Maaaring bilhin ang supot para sa basurang itinalaga ng Lungsod ng Yatomi at ang tiket ng paglilinis para sa malaking basura sa mga supermarket, botika at iba pang tindahan.

Uri	Basurang Maaaring Kolektahin	Dapat Pag-ingatan
Nasusunog na Basura ★Mga nabubulok na basura ★Mga pira-pirasong papel ★Mga damo at halaman ★Produktong yari sa balat ★Mga tela ★Mga goma	Mantika, dahon ng tsaa, nabubulok na basura, papel na karton (kulay pilak ang loob), papel na baso, ice pack, damit, sapatos (yari sa tela / balat / plastik), botas, pitaka, sinturon, bag (yari sa tela / balat / nylon), kutson, karpet, de-kuryenteng karpet, de-kuryenteng kumot, ice pillow, lampin (i-flush ang dumi sa toilet, ilagay sa supot at itali), buhangin para sa toilet ng pet, dehumidifier, plastik na sheet, uling (binasa nang husto ng tubig), pira-pirasong papel, mga piraso ng kahoy, puno mula sa bakuran (malaking basura ang may habang 60 cm o higit pa), damo / bulaklak, stuffed toy, laruang yari sa kahoy, bola (pang-sports) atbp. 	・Itapon bilang malaking basura ang inilagay sa supot at hindi matali ang bunganga. ・Tanggalan ng tubig ang mga nabubulok na basura. ・Ipasipsip sa papel, tela atbp. at itapon ang basurang langis tulad ng mantika atbp. ・Kahit may nakakabit na kaunting metal sa bag at iba pa, itapon bilang nasusunog na basura.
Plastik na Basura ★Yari sa plastik ang malaking bahagi	Plastik na supot, shopping bag, panlabas na film, styrofoam, produktong yari sa urethane, supot ng tsitsirya / tinapay, tray ng pagkain, lalagyan ng ketsap / mayonnaise, lalagyan ng cup noodles, toothbrush, lalagyan ng deterhente, espongha, eskobang yari sa plastik, balde, plastik na hose (putulin nang mga 1.5 m), plastik na tangke, plastik na timba, lalagyan ng mga damit, air cushion, upuan ng toilet, bolpen, ink cartridge atbp. 	・Itapon bilang malaking basura ang inilagay sa supot pero hindi maisara ang bunganga. ・Siguraduhing hugasan, at alisan ng laman ang mga lalagyan. ・Tungkol sa tray ng pagkain, mangyaring gamitin din ang kahon para sa koleksyon sa supermarket at iba pang tindahan. ・Itapon ang mga PET bottle at takip nito sa lalagyan para sa koleksyon na nakalagay sa malapit na pampublikong pasilidad (city hall, Jushiyama branch office, Shiratori community center, Nambu community center) atbp. 
Di-nasusunog na Basura ★Mga metal ★Mga salamin ★Mga seramika	Nabasag na fluorescent tube, mga salamin, bote ng kosmetiko, pinggan, kaldero, kawali, termos, takure, kutsilyo, takip ng de-lata, produktong yari sa aluminum, plantsa, microwave oven, toaster oven, hot plate, air purifier, humidifier, kagamitang pang-ilaw, LED fluorescent tube, dehumidifier, bumbilya, vacuum cleaner, printer, upuan sa toilet na may bidet, AC adapter, extension cord, de-gas na kalan, de-gas na heater, lighter (ubusin ang laman), cooler box, baldeng yari sa metal, gunting, cutter, pako, pandikit, lata ng pintura (ubusin ang laman), desiccant, insect repellent, disposable hand warmer, salamin, payong, laruang yari sa metal, relo, kamera, golf ball, spike shoes, gulong at tubo ng bisikleta, helmet atbp. 	・Itapon bilang malaking basura ang inilagay sa supot at hindi matali ang bunganga. Kokolektahin ang payong kahit bahagya itong nakalabas mula sa supot. ・Itapon bilang narerecycle ang hindi basag na fluorescent tube. ・Kapag magtatapon ng nabasag na bagay o patalim, balutin ito ng tela o papel. ・Tanggalin ang baterya o rechargeable na baterya. ・Hangga't maaari, itapon ang maliit na home appliance sa kahon para sa koleksyon sa city hall o Jushiyama branch office. (Tingnan ang "Maliit na Home Appliance" sa page 3) ・Hangga't maaari, sarili ninyong dalhin sa Hachiho Clean Center ang mga salamin at mga seramika. 
Malaking Basura	Spring mattress (makipag-ugnayan sa Environment Division), kama, mesa, desk, silya, sopa, upuang walang paa, salansanan, patungan ng TV, stroller, car seat para sa bata, maleta, bisikleta (liban sa bisikletang motor-assisted), gitara, organ, golf club, golf bag, surfboard (hanggang 2 m lamang), ski, tent, barbecue set, yero atbp. 	・Magdikit ng 1 tiket ng paglilinis na itinalaga ng Lungsod ng Yatomi (sticker na kulay berde) sa bawat 1 basura. Maaari itong bilhin sa tindahan ng supot para sa basura. ・Hindi makokolekta ang bagay na lampas sa 1.5 m ang lahat ng gilid ng haba, lapad at taas. ・Tanggalan ng laman bago itapon ang golf bag, lalagyan ng mga damit, at iba pa. ・Para sa golf club, 1 sticker hanggang 10 piraso. ・Para sa futon, 1 sticker sa pangkumot at panlatag na futon. ・Kung kakalasin at itatapon ang muwebles na ipinagkakabit ang mga parte para buuin, at iba pa, talian ito. ・Kung magtatapon ng spring mattress, makipag-ugnayan antimano sa Environment Division tungkol sa lokasyon ng tambakan at petsa ng pagkolekta.

Uri	Paraan ng Pagkolekta at Dapat Pag-ingatan			
	Basyong Lata (kulay dilaw o asul na lalagyan ayon sa uri)	Basyong Bote (kulay asul na lalagyan)	Fluorescent Tube (kulay abong lalagyan)	Mga Papel / Tela
Nareresiklo na Bagay	**Sakop na bagay:** Lata ng inumin, lata ng pagkain, lata ng spray, gas cartridge **Paano itapon:** Alisan ng laman, at itapon sa lalagyan sa nakatalagang lugar para sa nareresiklo. (Kulay dilaw na lalagyan ang lata ng spray, gas cartridge, kulay asul ang bukod dito) **Dapat pag-ingatan:** Ubusin ang laman ng lata ng pintura at lata ng langis, at itapon bilang "Di-nasusunog na basura." Hindi kailangang butasan ang lata ng spray. 	**Sakop na bagay:** Mga bote ng alak / inumin / pagkain / rekado **Paano itapon:** Tanggalin ang takip, bahagyang hugasan ng tubig, ipagbukod ayon sa kulay (walang kulay at transparent, kulay kape, asul / berde, itim), at itapon sa kulay asul na lalagyan sa nakatalagang lugar para sa nareresiklo. **Paunawa:** Isauli sa tindahan ang bote ng beer at iba pang returnable na bote. Itapon ang mga seramikang naglaman ng alak bilang "Di-nasusunog na basura." 	**Sakop na bagay:** Straight, pabilog, compact, at bulb type na fluorescent tube na itatapon mula sa tahanan **Paano itapon:** Huwag basagin, ilabas mula sa pambalot na papel atbp., at itapon sa kulay abong lalagyan na para lamang sa mga fluorescent tube sa nakatalagang lugar para sa nareresiklo. **Paunawa:** Itapon ang mga LED fluorescent tube / bumbilya / halogen lamp / mercury lamp / glow starter sa "Di-nasusunog na basura." Balutan ng papel o tela ang nabasag na fluorescent tube, at itapon ito sa "Di-nasusunog na basura." 	**Sakop na bagay:** Mga diyaryo, flyer, magasin, kahon ng matatamis / paper bag atbp., karton ng kahon, karton ng gatas, produktong yari sa koton, mga damit / kumot / kurtinang ginamitan ng chemical fiber atbp. **Paano itapon:** Talian ng pisi ng pakrus ang mga papel ayon sa uri. Ilagay ang mga tela sa transparent o semi-transparent na supot na hindi ang itinalaga ng lungsod, at itapon. **Paunawa:** Itapon sa "Nasusunog na basura" ang mga madumi. Bahagyang hugasan ng tubig ang karton ng gatas, patuyuin muna bago buklatin, talian ng pisi, at itapon. 
Maliit na Home Appliance	Digital camera, smartphone, portable music player, game device, remote control, AC adapter, mga kable **Lugar ng koleksyon:** City hall (South exit/entrance ng main building), Jushiyama branch office (sa harap ng CR) **Oras ng koleksyon:** 8:30 am - 5:15 pm ng araw na bukas ang tanggapang pampamahalaan **Bagay na dapat pag-ingatan:** Para lamang sa maliit na bagay na kasya sa kahon para sa koleksyon. (Laki ng butas na paghuhulugan: taas 12 cm x lapad 37 cm x lalim 40 cm) Tanggalin ang baterya o rechargeable na baterya, at itapon sa kinauukulang kahon para sa koleksyon.			
Mga Item na Nasasakop sa Batas sa Pagrerecycle ng mga Appliance	Para sa pagbabasura ng TV, aircon, washing machine (clothes dryer), refrigerator (freezer), mangyaring magtanong sa tindahan nito o sa **Electric Home Appliance Recycling Coupon Center(0120-319-640).**			
Personal Computer	① Mangyaring magtanong sa kinauukulang tagamanupaktura. Kung may tatak para sa pag-recycle ng PC, kokolektahin ng tagamanupaktura nang wala kayong bayad na sasagutin. ② Tungkol sa sariling gawang PC, gawa ng na-bankrupt / nag-pull out na tagamanupaktura, personal na import, mangyaring mag-apply sa **PC3R Promotion Association (03-5282-7685).** ③ Mangyaring mag-apply sa **ReNet Japan Recycling Co., Ltd. (0570-085-800).**			 ② ③

Sariling Pagdadala ng Basura

Maaaring sarili ninyong dalhin ang basura sa Hachiho Clean Center (pasilidad ng insinerasyon).
Hachiho Clean Center 399-3 Happo, Nabeta-cho, Yatomi-shi Lunes - Biyernes 9:00 - 11:45 am, 1:00 - 3:45 pm

① Pag-apply sa tanggapan ng Environment Division: Ipagbukod-bukod ang dadalhing basura, ikarga ito sa sasakyan at magtungo sa tanggapan. Kailangan ang ID.
② Pagkatapos ng pag-check ng basura, mag-iisyu ng kautusan sa pagdadala. (Balido lamang para sa takdang araw)
③ Ipakita ang kautusan sa pagdadala sa tanggapan ng Clean Center, at dalhin ang basura.
④ Pagkatapos dalhin ang basura, bayaran ng cash ang handling fee. (200 yen/10 kg)

[Paunawa] Hindi maaaring dalhin ang mga nareresiklo na bagay.
Hanggang 2 m x 1.5 m x 2 m ang laki ng maaaring dalhin.
Hanggang 25 cm na diyametro at 1.5 m na haba ang puno.



Sariling Pagdadala ng Tinabas na Damo / Pinutol na Puno atbp.

Maaaring sarili ninyong dalhin ang tinabas na damo, pinutol na puno atbp. sa Fuluhashi EPO Corporation.
Fuluhashi EPO Corporation Aichi Daini Plant Address: 1-118 Kusunoki, Yatomi-shi TEL: 0567-68-2800
Lunes - Biyernes 8:00 am - 6:00 pm (hanggang 5:30 pm ang pagtanggap)
Sabado, mga holiday 8:00 am - 12:00 pm, 1:00 pm - 5:00 pm (hanggang 4:30 pm ang pagtanggap)

① Mag-apply sa tanggapan ng Environment Division.
② Mag-iisyu ng kautusan sa pagdadala. *Balido mula sa araw ng pag-isyu hanggang Sabado ng linggong iyon.
③ Ipakita ang kautusan sa pagdadala sa Fuluhashi EPO, at dalhin ang tinabas na damo, pinutol na puno atbp.
④ Pagkatapos dalhin ang basura, bayaran ng cash ang handling fee. (tinabas na damo / kawayan: 20 yen/kg, palumpong / puno ng kahoy / sanga't dahon: 15 yen/kg (puwera ang buwis))

[Paunawa] Siguraduhing tanggalin ang nakakapit na lupa at buhangin.
Kung nakalagay sa supot atbp., itapon lamang ang laman, at iuwi ang supot na walang laman.
Hindi maaaring dalhin ang mga kahoy na prinoseso laban sa pag-agnas, prinoseso laban sa anay, at kahoy na kinain ng anay.
Kung magkahalo sa kargada ang iba-ibang uri ng basura, iuukol ang mas mahal na bayad.
Hindi maaaring dalhin kung napahalo ang hindi maaaring dalhing bagay.

Iba Pang Bagay

① Dry cell na baterya (bateryang manganese, alkaline): Itapon sa kahon para sa koleksyon na nakalagay sa city hall, Jushiyama branch office atbp.
② Maliit na rechargeable na baterya (bateryang lithium-ion, nickel metal hydride, nickel cadmium): Itapon sa kahon para sa koleksyon na nakalagay sa city hall, Jushiyama branch office atbp.
③ Button cell na baterya: Kinokolekta sa mga tindahang nakikipagtulungan sa loob ng lungsod.
④ Thermometer na may mercury: Kinokolekta sa tanggapan ng Environment Division sa city hall.
⑤ Ink cartridge: Kinokolekta sa city hall at Jushiyama branch office.

② ③



Mga Bagay na Hindi Kinokolekta ng Lungsod

① Basurang kaugnay sa negosyo: Tingnan ang "Mangyaring huwag itapon ang basurang kaugnay sa negosyo" sa page 1.
② TV, aircon, washing machine (clothes dryer), refrigerator (freezer): Tingnan ang "Mga Item na Nasasakop sa Batas Hinggil sa Pagrerecycle ng mga Appliance" sa page 3.
③ Personal computer: Tingnan ang "Personal computer" sa page 3.
④ Basurang mahirap iproseso (parts ng kotse, gulong, mga motor, motorsiklo, pesticide, kasangkapan sa pagsasaka, plastik ng plastic greenhouse, tangke ng propane gas, pamatay-sunog, kemikal, pintura at iba pa): Magkonsulta sa tindahan at espesyalistang tindahan.